# Suporta na kailangan mo kapag higit na kailangan mo ito.




## Tungkol sa Serbisyo

Ang Serbisyo sa Krisis ng Komunidad ng Toronto [Toronto Community Crisis Service (TCCS)] ay nagbibigay ng libre, kumpidensyal, personal na suporta sa pangkaisipang kalusugan mula sa mga mobile na pangkat ng manggagawa sa krisis. Sinusuportahan ng TCCS ang mga residente ng Toronto na 16 taong gulang o mas matanda at makukuha 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.

Kapag tumawag ka sa 211 o 911 para sa suporta sa isang krisis sa pangkaisapang kalusugan, ang TCCS ay nagpapadala ng mga manggagawa sa krisis na sinanay sa pangkaisipang kalusugan at pagtugon sa krisis sa iyong lokasyon.

Kakausapin ka nila para maunawaan kung anong mga suporta ang kailangan mo. Nakikipagtulungan ang TCCS sa iyo upang maghanap ng mga paraan upang tumugon sa iyong mga hamon sa pangkaisipang kalusugan.

Ang mga manggagawa sa krisis ng TCCS ay nagsusuot ng mga pisi at nagdadala ng mga kard ng pagkakakilanlan. Ang logo ng Lungsod ng Toronto ay nasa lahat ng mga sasakyan ng TCCS, kasama ang mga logo ng kasosyo sa komunidad.

---

## Mga Oras ng Operasyon

Ang TCCS ay nagpapatakbo 24 oras 7 araw sa buong lungsod ng Toronto. Tumawag sa 211 para ma-akses ang TCCS.

**Matuto nang higit pa sa toronto.ca/CrisisService**

TORONTO